Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG MARSO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.............. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............ Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............. Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas.............. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco........... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 060-T'97

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA MAKAPAGLAAN NG HALAGANG ISANDAANG LIBONG PISO (P100,000.00) MULA SA 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND UPANG ILAANG PANAPAT NA PANANAGUTAN (COUNTER PART FUND) SA TATLONG MILYONG PISO (P3,000,000.00) NA IPAGKAKALOOB MULA SA PONDO NG KGG. PANGULO NG BANSA.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapaglaan ng halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00) mula sa 20% Municipal Development Fund upang ilaang panapat na pananagutan (Counter Part Fund) sa Tatlong Milyong Piso (P3.M) na ipagkakaloob sa pamahalaang bayan mula sa pondo ng Pangulo ng Bansa KGG. FIDEL V. RAMOS, sa ilalim ng "Bibingka Doctrine";

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga ay ilalaan para sa pagpapaaspalto at pagpapakonkreto ng mga daang barangay na sakop ng bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na bigyang-kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapaglaan ng halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00) mula sa 20% Municipal Development upang ilaang panapat na pananagutan (Counter Part Fund) sa Tatlong Milyong Piso (P3,000,000.00) na ipagkakaloob mula sa pondo ng Kgg. Pangulo ng Bansa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY;**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan